

Katotohanang Panlipunan sa mga Piling Maikling Kuwentong Pilipino ni Vicente Sotto, Sr.: Isang Pamaksang Pagsusuri

MARIA LUISA L. ARBASTO

mlaclet@universityofbohol.edu.ph
<https://orcid.org/0000-0001-8924-8958>

ABSTRAK

Ang tao ay napaliligiran ng sining at ang buhay mismo ng tao ay isang sining. Ang panitikan bilang isang piyesa ng sining ay paggaya ng buhay; ang paggayang ito ay hinubog sa karunungan ng tagapaglikha kaya ito ay maaaring dumaan sa panunuring pampanitikan. Nilalayan ng pag-aaral na ito ang masuri nang papaksa ang katotohanang panlipunang nakapaloob sa mga piling maikling kuwentong Pilipino na sinulat ni Vicente Sotto, Sr. Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa theorya ni Lev Vygotsky na Social Development Theory. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng Philosophical-Psychological Projective Technique ng pagsusuri na kung saan ang mga tauhang nagsiganap sa iba't ibang papel ay naglalantad ng kanilang pag-iisip at katauhan ayon sa papel na ginagampanan sa lipunang ginagalawan. Ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na kung saan ang maikling kuwento ay binasa at kinilala bilang isang likhang-sining. Ipinakita sa kinalabasan na ang piling maikling kuwento ni Vicente Sotto Jr. ay kakitaan ng katotohanang panlipunang patuloy na umiiral mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan batay sa tunggaliang ipinaglalaban, pagpapahalagang pantao at panretorikang pananaw na isinabuhay ng mga tauhan; tagpuan; paksa at simbolismo. Kaya iminumungkahing gamitin ang maikling kuwento ni Vicente Sotto Sr. bilang lunsaran sa pagtuturo ng panitikan lalo na sa maikling kuwento.

Keywords: Literatura, Katotohanang Panlipunan, Philosophical-Psychological Projective Technique, Panunuring Pampanitikan, Philippines, Asia

PANIMULA

Ang tao ay napaliligiran ng sining at ang buhay mismo ng tao ay isang sining. Ang sining ay naipahahayag sa iba't ibang paraan. Ito ay naipahahayag sa pamamagitan ng tunog, kaya't mayroon tayong musika; ng kulay, kaya't mayroon tayong pintura; ng hugis at anyo, kaya't mayroon tayong eskultura at arkitektura; at ng kaisipan ng tao, kaya't mayroon tayong literatura. Itong huli ay tinutumbasan natin ng salitang panitikan.

Ang panitikan ay isang produkto at isang komentaryo sa iba't ibang gawain ng buhay, at lubos lamang itong mauunawaan kung ito ay isabuhay kahit pansamantala lamang. Sa katunayan ang pagkahilig sa panitikan ay nagmula sa pagkahilig sa buhay. Ang panitikan ay may kaugnayan sa damdamin ng isang nilalang dahil ito ay nakapagpalawak ng kanyang karanasan sa mundong kanyang ginagalawan, sa kanyang sarili, sa mga tao at mga pangyayari sa kanyang paligid; ang panitikan ay nagbubukas ng mga bagong simula sa dating mundong ginagalawan ng tao. Ito ay nangangailangan din ng mga bagong hamon sa buhay; kaya ang pag-aaral ng panitikan ay magdadala ng isang tao sa pag-alam sa mga bagong dimensyon ng sarili.

Isa sa mga uri ng panitikan ay ang maikling kuwento. Ang mga mag-aaral na Pilipino ay may mga kaalaman na sa maikling kuwento mula sa iba't ibang lugar katulad na lamang ng Katagalugan ngunit ang masaklap ay hindi sila masyadong nakakikilala sa mga panitikang panrehiyon. Ang maikling kuwentong inakda ni Vicente Sotto, Sr. ay hindi nakikilala ng mananaliksik kung hindi ito isinalin sa Filipino na nagiging bahagi na ng panitikang Pilipino na siyang isa sa mga asignaturang itinuturo nito. Saka pa lamang nalalaman ng mananaliksik kung ano-anong katotohanang panlipunan ang mayroon ang pamayanang Pilipino sa panahon ni Sotto at kung ang mga ito ay makikita pa ba hanggang sa kasalukuyang panahon. Ito ang nagiging layunin ng kasalukuyang pag-aaral.

Bilang karagdagan, dahil sa pag-unlad ng makabagong teknolohiya, karamihan sa mga mag-aaral ay hindi na nagbabasa ng mga aklat. Ang ginagawa na lamang ay sumangguni sa internet at doon na kukunin ang buod ng kuwento, o manood sa You Tube at kukunin ang bersyon sa

pelikula sa nasabing kuwento, kung ito ay naroon man. Sa pagsasagawa nito, nakaligtaan nilang mararamdaman at manamnaman ang katas ng mensahe sa pamamagitan ng pagsusuri, pagpapakahulugan at pagbubuod ng kuwento. Hindi na nila inaalam ang kadahilanan upang matuklasan ang katotohanang nakakubli sa likod ng mga pangyayari. Kaya, kung may katanungang nangangailangan ng mapanuring pag-iisip, nakalulungkot isiping nagiging mapang-ibabaw lamang sa halip na magiging mapanuring. Kaya ang pag-aaral na ito ay isinasagawa upang makapagbigay-halaga sa mga akda ni Sotto bilang Ama ng Panitikang Cebuano. Ngunit ang mga mag-aaral ay hindi lubusang makapagbigay-halaga sa mga akda ni Sotto at sa iba pang mga kuwento kung walang gabay sa pagsusuring kritikal para sa maiikling kuwento. Ito ang pangunahing layunin ng mananaliksik sa pag-aaral na ito.

Balangkas Teoritikal. Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teoryang nangangahulugang sa pamamagitan ng pagkakaroon ng iba't ibang karanasan ay nakabubuo ng sariling kaalaman ang tao. Ito ay may kaugnayan sa pagsusuri ng maiikling kuwento sapagkat ang pagkatuto ay nangangailangan ng pag-unawa sa bawat teksto upang makapagbuo ng isang panibagong kaalaman.

Social Development Theory by Lev Vygotsky (1896-1934). *In the social development theory, Vygotsky primarily explains that socialization affects the learning process in an individual. It tries to explain consciousness or awareness as the result of socialization. This means that when we talk to our peers or adults, we talk to them for the sake of communication.*

Sa madaling salita, ang bawat indibidwal ay nakikipaghalubilo sa kanyang kapwa upang magkaon ng ugnayan sa isa't isa. Ang isang tao ay nakikipag-usap sa kanyang kapwa hindi lamang upang makapagpahayag ng sariling kaisipan kundi upang magkaroon ng palagayang-loob at ito ay isang gawaing komunikasyon.

Batayang Kaalaman. Ang sining ay isang paggaya ng buhay. Sa ganitong pagkakataon, ang bawat piyesa ng sining, at panitikan sa tiyak na pagkasabi ay hinubog sa karunungan ng tagalikha nito. Ito ay nararapat na suriin, pakahuluganan at pahalagahan upang malaman ang kabuluhan at kahusayan nito.

Batayang Legal. Itinadhana ng Artikulo XIV, Seksyon 3, talata 2 ng makabagong Saligang-Batas ng Pilipinas na: "Dapat...patatagin ang mga pagpapahalagang etikal at espirituwal, linangin ang karakter na moral at

disiplinang pansarili, pasiglahin ang kaisipang mapanuri at malikhain sa lahat ng mga institusyong pang-edukasyon.”

Gayundin, isinasaad ng Seksyon 15, talata 1 na: “Dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at ang mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa.”

May karagdagan pa ring isinasaad ang Seksyon 18, talata 2 na: “Dapat pasiglahin at tangkilikin ng Estado ang mga pananaliksik at mga pag-aaral tungkol sa mga sining at kultura.”

Kaugnay sa mga nasabing probisyon ng ating Saligang-Batas, ang CHED (Komisyon ng Mas Mataas na Edukasyon) Memorandum No. 59, Serye ng 1996 (CHED, 1996:4) ay nag-aatas na:

The implementation of the new GEC must be characterized by an interdisciplinary approach which would help the students see the human being as an integral person living in both a national and a global community.

- a. *The aim of these courses should be to provide students with effective communication skills in both English and Filipino and to foster critical understanding and appreciation on how people give expression to their experience in the world.*
- b. *Literature One (or the first Literature subject) must cover “The Literatures of the Philippines” and should focus on the literatures of all the regions of the Philippines, whether written in native or foreign languages, from the beginning of Philippine history to the present. Care should be taken to ensure adequate attention to literary texts and authors outside the National Capital Region.*

Ayon naman sa CHED Memorandum Order No. 30, S. 2004 o ang Nirebisang Polisi at Pamantayan para sa Di-Gradwadong Kurikulum sa Edukasyong Pangguro, ang nararapat bigyang-diin sa pagtuturo ng panitikan ay ang panitikang panrehiyon.

Ang pagpapasigla ng mapanuring pag-iisip ay makapaglilingang ng kakayahan sa pag-unawa ng isang tao at makatutulong sa kanya upang magkaroon ng isang makahulugan at makabuluhang pamumuhay sa lipunang kanyang kinasasakupan.

Alinsunod sa Makabagong Saligang-Batas ng Pilipinas, ang Estado ay may tungkuling panatilihin at linangin ang kulturang Pilipino para sa pambansang pagkakakilanlan; at tangkilikin ang mga sining at panitikan upang matiyak ang paglinang at pagpapanatili sa mga ito bilang bahagi

ng kayamanang mana ng bansa. Ang pag-aaral na ito ay naaayon sa nasabing kautusan.

Sa hangad ng mananaliksik na mailahad ang ginawang pag-aaral, ang sumusunod ay binasa at pinagkunan ng ilang makabuluhang pagpapahayag na kaugnay at nagsilbing-gabay:

Ang sining ay nagmula sa salitang Latin na nangangahulugang kakayahan o kasanayan. Kaugnay nito, nagagamit ang salitang ito sa maraming paraan gaya ng sining ng pakikipagtalastasan, pagbigkas, patula, pag-awit, pagtatalumpati, pagbasa, pagsulat, pantanghalan, atb. Naipahahayag ang sining sa pamamagitan ng paggamit ng imahinasyon tulad ng mga makata, manunulat, kompositor, pintor at iskultor ay nababalutan ng imahinasyon ng mga likhang-sining gamit na puhunan ang talino, damdamin, kakayahan at karanasan.

Sa panitikan, ang gawaing pansining o likhang-sining ay naipahahayag sa tulong ng maayos na paglalahad o paglalarawan.

Kahulugan at Kahalagahan ng Panitikan. Iba't iba ang kahulugan ng panitikan batay sa paniniwala ng mga manunulat at kritiko bagama't iisa ang kaisipang nakapaloob dito.

Ang tunay na panitikan ay pagpapahayag ng kaisipan, damdamin, karanasan at panaginip ng sangkatauhan na nasusulat sa masining o malikhaing paraan, sa pamamagitan ng isang estetikong anyo at kinapalooban ng pandaigdigang kaisipan at dahil nasusulat ang panitikan, natitiyak ang kawalang-maliw nito.

Kahalagahan ng Pag-aaral ng Sariling Panitikan. Napakahalaga ng panitikan sa isang bansa. Ito ang dahilan kung bakit isinama ang pag-aaral nito sa kurikulum ng lahat ng antas ng pag-aaral.

Ang kahulugan ng panitikan ay iba kaysa sa kabuluhan nito. Ang kahulugan ay tiyakang makukuha sa pamamagitan ng pag-alam sa nilalaman ng panitikan at sa pag-unawa rito. Samantala, ang kabuluhan ay matatamo lamang sa pag-uugnay ng panitikan sa buhay, sa pagdanas ng mga damdamin at pagpapahalagang nakapaloob sa bawat nakalimbag na titik at sa matamang pagsusuri ng bisa nito sa pag-unlad ng pagkatao. Dahil dito, masasabing ang panitikan ay hindi lamang bunga, kundi isa ring pamumuna sa mga pangyayari ng buhay (Baltazar, Javier, & Mabanglo, 1979).

Ayon kay Sawyer (2000), ang panitikan ay may natatanging puwang sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang panitikan na naibahagi sa isang masigla at kaaya-ayang kapaligiran ay makatutulong upang mayamang

matutunan ng mga mag-aaral ang kanilang kapaligiran. Mapayaman ang kanilang karanasan at pagpapahalaga na magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Pagpapahalagang Pampanitikan. Ayon kay Ramos, Atienza, Nazal at Salazar (1984), ang panitikan ay isang tunay na deskripsyon, interpretasyon at ekspresyon ng iba't ibang damdamin, kaisipan, ideolohiya, at maging ng kasaysayan. Ito ay bunga ng mga guniguni at mayamang kaisipan ng iba't ibang manunulat na nagbibigay kulay sa ating kultura. Ang tunay na panitikan ay yaong walang kamatayan, yaong nagpapahayag ng damdamin ng tao bilang ganti niya sa reaksyon sa pang-araw-araw na pagsusumikap upang mabuhay at lumigaya gayundin pagsusumikap na makita ang Maykapal.

Batayang Kaalaman sa Pag-aaral ng Panitikan. Ang panitikan ay buhay dahil ito ay repleksyon ng pamumuhay at pakikipamuhay ng mga tao sa kanyang ginagalawang lipunan. Pinakikilos ng panitikan ang ating isip at binibigyang pintig nito ang ating puso. Hindi ito isang bagay lamang kundi ito ay isang buhay na kabahagi ng ating pamumuhay. Dahil sa panitikan, higit nating nakilala ang ating lahing pinagmulan, ang mga karanasan, saloobin at kaisipang humubog ng ating pagkatao. Masasabing ang panitikan ay kahapon, ngayon at hinaharap ng isang bansa. Ang panitikan ay isa ring mabisang instrumento upang mapagbago ang damdamin at isipan ng tao, at mapakilos ayon sa idinidikta ng puso at isip.

Kahulugan at Kahalagahan ng Panunuring Pampanitikan. Tunay na napakalayo na ng narating ng panunuri kung isa-isahin ang mga kritikong walang tigil sa pagsubaybay sa unti-unting pag-unlad ng panunuring pampanitikan. Katunayan, sa panahon pa lamang ni Plato ay namukod-tangi na ang panunuri sa panitikan bilang isang buhay na disiplina.

Sa ilang kritiko, ibinibilang ang panunuri bilang isang agham ng teksto. Ito'y inuugnay sa isang gawain ng mga kritiko na may pinaghahanguang mga iba't ibang teorya. Ito'y ginagawang esensyal na gawain sa pagsasanay na ginugugulan ng maraming oras at panahon sa pagsusulat ng mapanuring pagpapahayag.

Maituturing na isang pagpapahayag ang panunuri na sa palagay ng nakararaming kritiko ay hindi maaaring pasukin ng sinu-sino lamang na walang sapat na paghahanda, at higit sa lahat, walang kakayahan.

Ang panunuring pampanitikan ay hindi lamang nagsusuri o nagbibigay kahulugan sa mga nagaganap sa daigdig, kundi ito'y isang paraan ng pagsusuri sa kabuuan ng tao - ang kanyang anyo, ugali, kilos, paraan ng pagsasalita, at maging ng kanyang pakikipag-ugnayan sa kapwa at sa lipunang kinabibilangan.

Matalinong Panunuri. Ang pag-aaral na ito ay walang pagkakatulad sa isinagawang mga pag-aaral sa Filipino ngunit may pagkakahawig ng mga salik at simulaing ginamit sa Ingles.

Ang sumusunod na mga pag-aaral ay may kaugnayan sa pananaliksik na ito sa dahilang ang mga ito ay gumagamit ng paraang pagsusuri at panunuring pampanitikan na siya ring ginagamit sa pag-aaral na ito:

Sa pag-aaral na isinagawa ni Aguila (2017) na may pamagat na "Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan", natuklasan niyang mahalaga ang pagsusuri ng mga akdang ipinagamit sa mga mag-aaral. Mahalaga ang pagkakaroon ng panimulang ebalwasyon upang matiyak ang kaangkupan nito sa mga mambabasa at magamit bilang suplemento/ kagamitang pampagtuturo.

Sa pag-aaral naman na isinagawa nina Veskari, Pouralkhas, Moharrami at Ranjbar (2017) na may pamagat na "*Analysis of dream in Gholamhossein Sā'edi's short stories: A model for dream analysis in literary works,*" natuklasan niyang "*In his stories everything goes on with illusion and dreams and in this regard, we can look at these stories with the views of Jung and Freud. Both of them believe that dream is a psychological reaction that occurs in the sleep. Freud, making a reference to the concept of concurrent coexistence between mind and reality, states that what exists in dreams may occur with changes in the reality of human life and can be analyzed by events. Jung also stated that dreams contain archetypes which are in the collective unconscious, and by dream analysis and interpretation of symbols, one can interpret the psychological behavior and attitude of a person.*" Ang pag-aaral na ito ay nauugnay sa kasalukuyang pananaliksik dahil sa binibigyang- diin dito ang pagsusuri ng mga maikling kuwento na kung saan ay natuklasan niyang ang mga pangyayari sa panaginip ay maaaring magkatotoo sa tunay na buhay.

Sa pag-aaral ni Ariyanti (2016) na pinamagatang "*Moral Values Reflected in "The House on Mango Street" Novel Written by Sandra Cineros*", the researcher investigates moral values where it becomes one of the aspects to be analysed in Literature where the novel of "The House

on *Mango Street*” written by Sandra Cineros is chosen by the researcher as the subject of the research with some important considerations. The criteria of moral values used by the researcher consist of six major parts. In addition, the design of this research is qualitative research since the researcher tries to explore the moral values as reflected in the novel of “*The House on Mango Street*” descriptively. As the result, the researcher finds that all of the elements of moral values exist in the content of the novel except the point of “respect and caring for others” exactly in the element of “to not hurt others”. Meanwhile, the researcher also explains parts of novel subtitles which consist the facts which oppose with some elements of moral values. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa ang ginamit ng mananaliksik ay ang kwalitatibong paraan ng pagsusuri ng isang nobela.

Sa pag-aaral ni Fauzan (2016) which was entitled “*Structural Analysis of “Peanut & Sparky”: A Short Story by Arnie Lightning as A Way in Understanding Literature*” aimed at analyzing the structure of Arnie Lightning’s short story *Peanut & Sparky* played an essential part in a literary work which explored the plot, setting, characters, conflict and other elements of the story. Instead of that, by conducting the analysis, it could make the narration comprehensible for the readers and also to catch the meaning which the writer wanted to convey. The short story *Peanut & Sparky* was published in April 2015 in America. The analysis captured the writer’s intention of fabricating the story through its premise, theme, character, moral value, setting. The study revealed that conducting structural analysis is supposed to be a good way in understanding literary works. Nauugnay ang pananaliksik na ito sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa ang mananaliksik ay gumamit ng panunuring pampanitikan ukol sa istruktura ng mga maikling kuwento.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Calibayan (2015) na may pamagat na “Pagsusuri sa mga Balyung Nakapaloob sa mga Salawikain ng mga Tiruray Sa South Upi, Maguindanao, Philippines,” natuklasan niyang mayaman sa mga salawikain ang mga Tiruray at may iba’t ibang balyu ang napapaloob sa mga salawikaing ito na nagsisilbing gabay nila sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay batay sa kanilang kultura na naging identidad nila bilang isang tribu.

Ang pag-aaral na ito ay nauugnay sa kasalukuyang pag-aaral dahil gumamit din ng panunuring pampanitikan ang mananaliksik upang tukuyin ang mga balyung nakapaloob sa mga salawikain.

Sa pag-aaral nina Catapang, Dimayuga, Molina at Sorbito (2015) na may pamagat na “Pagsusuri sa mga Alamat at mga Kwentong-Bayan tungkol sa Lawa ng Sampalok at ang Kaugnayan nito sa Araw-araw na Pamumuhay ng mga Mangingisda ng San Pablo, Laguna”, natuklasan nila na ang mga alamat at kuwentong-bayan ay may iba’t ibang bersyon. Gayunpaman, masasabing sinasalamin ng kaugnayan ng mga pokloriko sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga naninirahan malapit sa Lawa ng Sampalok lalo na ng mga mangingisda na hindi mahihwalay ang tao sa kanyang lipunan. Inilahad din ang mga resulta at implikasyon ng pananaliksik na ito bilang ambag sa batis ng kaalaman ng Sikolohiyang Pilipino. Nauugnay ang pag-aaral na ito sa kasalukuyang pananaliksik dahil sa binibigyang-diin nito ang kaugnayan ng mga akdang pampanitikan sa paniniwala ng mga mamamayan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Baoc (2014) na may pamagat na “Mahahalagang Aral at Balyung Maikikintal Mula sa Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento ni Rogelio R. Sicat”, natuklasan niyang punung-puno ng pagpapahalagang moral ang mga akdang pampanitikan na nakapagbibigay ng impormasyon sa mga mambabasa upang mapalawak ang kanilang kaalaman, naipakita ng may-akda sa kuwento ang mga aral at balyung nais iparating sa kanyang mga mambabasa, nangingibabaw ang mga pagpapahalagang moral na mabubuti sa kuwento dahil sumusunod ang tao sa pamantayan sa kagandahang-asal at nagbubunga ng masama ang mga gawaing di mabubuti. Nauugnay ang pag-aaral na ito sa kasalukuyang pananaliksik dahil sa ito ay nakapokus din sa panunuring pampanitikan tungkol sa pagpapahalagang moral na makikita sa mga piling maikling kuwento ni Rogelio R. Sicat.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Cuizon (2014) na may pamagat na “Mga Pag-aaral ng Maikling Kuwento: Isang Meta-Analisis”, natuklasan niyang ang pagsusuri ng maikling kuwento sa mga tesis at disertasyon mula sa iba’t ibang paaralan gamit ang meta-analisis ay isang epektibo, mabisa, obhektibong paraan at kagamitan na magagamit sa makatarungang paghatol; pamumuna sa kabuluhan at kagandahan; paghahambing sa mga kritikal na isyu; at pormulasyon ng panibagong pamantayan at batas. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik dahil sa ito ay nakapokus sa paggamit ng meta-analisis na isang uri ng panuring pampanitikan.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Khan, Ahmad, Ahmad at Ijaz (2015) na may pamagat na *“Stylistic Analysis of the Short Story ‘The Last Word’ by Dr. AR Tabassum”* natuklasan niyang *“The use of apostrophes and rhetorical questions have given the story the form of an address, which apparently is delivered by a gardener, on his departure from the garden, to his fellow gardeners. However, the language used by him is not suited to a gardener as it is very formal and eloquent and full of musicality. The use of rhyming, alliteration, consonance and assonance is made to create a musical sound pattern. These evidences show that the address is actually the consolatory speech of someone who is about to leave the world and the address is made in an allegorical way. In this way the garden is the metaphor for the world and the different phases of the sun mentioned by the protagonist are the different phases of man’s life.* Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik dahil ang mananaliksik ay nagbibigay-diin sa panunuring pang-istelo sa maikling kuwento.

MGA LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri nang papaksa ang katotohanang panlipunang nakapaloob sa mga piling maikling kuwentong Pilipino ni Vicente Sotto, Sr. Ito ay tiyak na sumasagot sa sumusunod na katanungan:

1. Sino-sino ang mga pangunahing tauhan sa mga piling maikling kuwentong Pilipino batay sa:
 - 1.1 tunggaliang ipinaglaban,
 - 1.2 pagpapahalagang pantaong kanilang kinakatawan, at
 - 1.3 panretorikang pananaw na kanilang isinabuhay?
2. Ano ang pangunahing tagpuan sa mga piling maikling kuwento?
3. Ano ang pangunahing paksa sa mga maikling kuwento?
4. Nagkakaroon ba ng katibayan ng pagkakaugnay sa pagitan ng simbolismong ginamit at ang paksa ng maikling kuwentong ito?
5. Anong katotohanang panlipunan ang inilahad ng mga piling maikling kuwentong Pilipino?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pag-aaral. Ang mga paraang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang pagsusuring kritikal na nagbigay-diin sa pamaksang pagsusuri sa

pamamagitan ng Philosophical-Psychological Projective Technique at ang pagpapakahulugan.

Ang unang paraan ay binubuo ng pagbabaha-bahagi ng bawat elementong binibigyang-diin upang lalong maging malinaw ang pagpapaliwanag sa kabuuan nito nang sa gayon ay lalong madaling mailantad at makilala ang pangunahing itinatampok ng may-akda sa kanyang mga kuwento. Ang pangalawang paraan ay gumagamit ng matalino at masining na pagtatalakay sa bawat elementong pinag-aralan upang lalong mapahalagahan ang mga ito.

Ang pag-aaral na ito ay isang panunuring pampanitikan kaya hindi na kinakailangan ang pagsusuring istatistikal at ang paggamit ng instrumento. Ang pananaliksik na ito ay sumasaklaw sa pamaksang pagsusuri sa apat na piling maikling kuwentong pilipino ni Vicente Yap Sotto, Sr. (1877-1950).

Napiling hanguan sa pagsusuri ang mga akdang sinulat ni Sotto sa dahilang siya ay tinaguriang Ama ng Panitikang Cebuano. Ang taguring Ito ay nagsisilbing katibayan na mahusay, may kakayahan at kasanayan, at may awtoridad ang nasabing manunulat sa larangan ng panitikan sa nasabing lugal.

Ang nasabing pagbabatayan ng pagpipili ay naaangkop sa CHED Memorandum Order Bilang 59, Serye ng 1996 na kung saan ay iniatas na ang asignaturang Panitikan ng Pilipinas ay dapat magbibigay-pokus sa panitikan ng iba't ibang rehiyon sa ating bansa. Idinagdag pa rito ang CHED Memorandum Order Bilang 30, Serye ng 2004 na kung saan ay iniatas na rin na ang nararapat bigyang-pokus sa pagtuturo ng panitikan ay ang panitikang panrehiyon.

Ang Cebu na lupang sinilangan ni Sotto ay isa sa mga lalawigan ng Rehiyon 7 na kung saan ang lalawigan ng Bohol ay kabahagi nito. Kaya, ito ang dahilan ng pagpipili ng mga sinulat ni Sotto bilang hanguan ng kasalukuyang pamaksang pagsusuri ng mananaliksik. Ito ay isang paraan ng pagbibigay-diin sa panitikan mula sa Gitnang Visayas na kung saan ang mananaliksik ay nananahanan dito.

Buod ng ang Lihim ni Teresa. Ang kuwentong ito ay tumatalakay sa buhay ni Teresa Nonbirgo na kung saan siya ay nagtago ng isang sikreto upang mapangalagaan ang kanyang dangal tungkol sa kanyang anak sa pagkadalaga. Iniwang niya ang kanyang anak sa kanyang kaibigang si Piya Masangkay at ipinagkatiwala ito sa kanya na kung saan ay itinuring na itong totoong anak niya.

Nakilala niya si Segundo Makisalin at naging kabiyak ito sa buhay. Nagkaroon sila ng isang magandang anak na babae na pinangalanang Segunda. Nang nasa kolehiyo na ito naging kasintahan niya si Silvestre Masangkay. Lingid sa kaalaman ng lahat na ito pala ay ang anak ni Teresa sa pagkadalaga. Dahil sa lihim na ito, kinitil ni Teresa ang kanyang buhay sa pag-aakalang hindi siya matanggap ng kanyang lahat, maging man sa kanyang asawa.

Buod ng Don Benigno. Ang kuwentong ito ay tumatalakay sa paghihigani ni Margarita sa kanyang asawa dahil nanmbubugbog, lasenggero, may inanakan, at may ibang babae na kung saan siya ay nagtangkang makipagtanan kay Abdon. Ngunit sa kasamaang palad ang liham na para kay Abdon kay napunta sa maling tao. Nang mabasa nito ang nasabing liham ay agad naman itong ibinigay sa kanilang among si Don Benigno Magalingdaan na isang matandang abogado. Nang mabasa ni Don Benigno ang liham ay hindi niya ito nagustuhan kaya gumawa siya ng hakbang upang matigil ang pagtatangkang pangangaliwa ni Margarita. Pumunta si Don Benigno sa lugar kung saan dapat makipagkita si Margarita. Pinagsabihan siya ng Don na kahit ano man pagkakamali ng asawa ay hindi parin sapat na dahilan upang siya ay maghihiganti. Kaya siya ay pinagsabihan na itigil ito kung ayaw niyang magkasala sa batas at sa mata ng Diyos. Natakot si Margarita at nangako na itigil na ang pagtatangkang paghihiganti at magiging mabuting asawa na siya sa kanyang kabiyak na si Nano.

Buod ng Nasaan ang Katarungan. Ang maikling kuwentong ito ay tumatalakay sa buhay pamilya na kung saan pinaninindigan ni Perfecto Imparcial ang prinsipyo ng kanilang pamilya na hindi madungisan ng anumang maling gawain. Sa hindi inaasahang pangyayari, ang pamangkin ni Perfecto Imparcial na nagngangalang Rosa Makatoll ay sumama sa isang makisig na binatang nagngangalang Roger Tinaban. Nang malaman ni Perfecto Imparcial ang ginagawa ng kanyang pamangkin ay agad siyang pumunta sa piskalya upang bigyan ng kaparusahan ang hindi kanais-nais na ginagawa ng kanyang pamangkin. Nang inireklamo na ni Perfecto Imparcial sa piskal ang kanyang pamangking si Rosa Makatoll ay agad na hinanap ng mga alagad ng batas ang dalawa upang parusahan sa paglabag sa batas. Nakita agad ng mga alagad ng batas sina Roger Tinaban at Rosa Makatoll at sila ay dinala sa piskalya. Nagtungo rin si Perfecto Imparcial sa piskal upang malaman ang kaparusahan. Ngunit sa kasamaang palad ay hindi inaasahan ni Perfecto Imparcial na ang hatol sa

piskal ay si Roger Tinaban lamang ang mapaparusahan at makukulong. Nagalit si Perfecto Imparcial sa hatol ng piskal at dahil wala siyang magawa sa kinalabasan ng pagpapasya ay inurong na lamang ni Perfecto Imparcial ang kanyang reklamo dahil para sa kanya ay hindi patas ang pasiya ng piskal. Sa kanyang pag-uwi patungo sa kanilang bahay ay wala siyang ibang nasambit kundi ang mga salitang “*nasaan ang katarungan.*”

Buod ng Pandaraya sa Pag-ibig. Ang maikling kuwentong ito ay tumatalakay sa buhay ni Donya Torcuata na isang matandang mayaman na naghahanap ng kabiyak at katuwang sa buhay. Si Donya Torcuata ay parang isang dalaga kung makatalikod dahil sa hugis ng kanyang katawan at ng kanyang kasuotan. Dahil sa kanyang pananamit na parang dalaga ay may isang matipuno at makisig na binata ang pumatol sa kanya. Naging kasintahan ni Donya Torcuata ang binatang nagngangalang Potenciano Kabug at ibinigay niya ang kanyang tiwala sa kasintahan. Silang dalawa ay nagsama bilang mag-asawa sa bahay ni Donya Torcuata. Dahil ayaw ng mga anak ni Donya Torcuata ang lalaking napupusuan niya ay nagkaroon ng awayan sa pagitan ng mag-ina kaya napilitang lumayas ang mga anak ni Donya Torcuata. Sina Potenciano Kabug at Donya Torcuata na lamang ang naiwan sa bahay. Pagkalipas ng maraming buwan ay humingi ng pabor si Potenciano Kabug kay Donya Torcuata na magtayo ng isang negosyo na bakahan at kailangan niya ng pera upang makabili ng mga baka. Dahil sa sobrang tiwala ni Donya Torcuata kay Potenciano Kabug ay ibinigay niya lahat ang pera sa lalaki at agad naman nagtungo si Potenciano sa Hongkong upang bumili ng mga baka. Sa kasamaang palad ay hindi na bumalik si Potenciano kay Donya Torcuata at ito ay nagpadala na lamang ng isang liham na nagsasaad na hindi niya tunay na iniibig si Donya Torcuata at siya ay dinaya lamang nito dahil sa pera. Labis na nasaktan si Donya Torcuata sa liham na kanyang natanggap at mula noon siya ay naging baliw.

KINALABASAN AT PAGPAPAKAHULUGAN

Ang kabanatang ito ay naglalahad, nagsusuri at nagpapakahulugan sa apat na piling maikling kuwentong Pilipino ni Vicente Sotto, Sr.

Sinuri ang mga piling maikling kuwento gamit ang pamaksang pagsusuri. Sa tulong ng mga talahanayan ay inilahad ang mga tugon sa ginawang pagsusuri sa mga piling maikling kuwentong Pilipino. Ang mga

akdang ito ay ang sumusunod: Ang Lihim ni Teresa, Don Benigno, Nasaan ang Katarungan, at Pandaraya sa Pag-ibig.

Ang mga tunggaliang ipinaglaban ng mga tauhan sa mga piling maikling kuwentong sinuri na makikita sa Talahanayan 1 ay namamayani pa sa pamilyang Pilipino hanggang sa kasalukuyang panahon na lantad pa rin ang mga pangyayaring nagaganap na may mga hamon at pagsubok na dumarating sa buhay.

Talahanayan 1. Tunggaliang Ipinaglaban ng mga Tauhan

Kritiko	Ang Lihim ni Teresa	Don Benigno	Nasaan ang Katarungan	Pandaraya sa Pag-ibig
A	Tao laban sa sarili.	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa sarili.
B	Tao laban sa tao	Tao laban sa tao / Tao laban sa sarili.	Tao laban sa tao.	Tao laban sa tao.
C	Tao laban sa sarili.	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa sarili.
D	Tao laban sa tao.	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa sarili.
E	Tao laban sa sarili.	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa sarili.
F	Tao laban sa sarili	Tao laban sa lipunan.	Tao laban sa tao.	Tao laban sa tao.

Pagpapahalagang Pantaong Kinakatawan ng mga Tauhan.

Batay sa pagsusuri ng maikling kuwentong “Ang Lihim ni Teresa” ukol sa Pagpapahalagang Pantaong Kinakatawan ng mga Tauhan na makikita sa Talahanayan 2, makikitang ang nangingibabaw ay ang pagpapahalaga sa sarili. Isinilang niya ang sanggol mula sa kanyang sinapupunan sa kabila ng katotohanang wala nang kikilalaning ama dahil namatay na. Binigyan pa rin ng pangunahing tauhang si Teresa ng pagkakataong mabuhay sa mundong ibabaw ang kanyang naging unang supling. Ginawa niya ang pagtatago sa katotohanan na may anak siya sa pagkadalaga upang mapangalagaan niya ang kanyang puri at dangal bilang pagpapahalaga sa kanyang sariling pagkatao.

Talahanayan 2. Pagpapahalagang Pantaong Kinakatawan ng mga Tauhan

Kritiko	Ang Lihim ni Teresa	Don Benigno	Nasaan ang Katarungan	Pandaraya sa Pag-ibig
A	Pagpapahalaga sa sarili.	Pagkamabuting Tagapamuno	Pagpapahalaga sa dignidad ng tao.	Pagpapahalaga sa sarili
B	Pagpapahalaga sa sarili.	Kaayang ayang Dangal	Pagpapahalaga sa dignidad ng tao	Pagpapahalaga sa sarili
C	Pagpapahalaga sa sarili.	Pagkamabuting Tagapamuno	Pagpapahalaga sa dignidad ng tao	Pagpapahalaga sa sarili
D	Close Family Ties.	Pagkamabuting Tagapamuno	Pagpapahalaga sa dangal.	Pagpapahalaga sa sarili
E	Family Oriented-ness.	Pagkamabuting Tagapamuno	Pagpapahalaga sa dignidad ng tao	Pagpapahalaga sa sarili.
F	Pagpapahalaga sa sarili.	Pagsasabi ng Katotohanan.	Pagpapahalaga sa dangal at pag-katao.	Pagpapahalaga sa sarili.

Sa maikling kuwentong “Don Benigno” ang nangingibabaw na sagot ay ang pagkamabuting tagapamuno. Dahil naging matagumpay si Don Benigno sa pagkukumbinsi ni Margarita na hindi ipagpatuloy ang kanyang balak na pagtataksil sa kanyang bana. Sa halip ay nakiusap si Margarita na hindi na rin malaman ng kanyang bana ang tungkol sa nilalaman ng liham na maaaring makasisira sa kanilang pagsasama bilang mag-asawa.

Samantalang sa maikling kuwentong “Nasaan ang Katarungan” makikitang ang nangingibabaw sa Pagpapahalagang Pantaong Kinakatawan ng mga Tauhan ay ang pagpapahalaga sa dignidad ng tao. Malinaw na binigyan ng malaking pagpapahalaga ni Ginoong Perfecto Imparcial ang pagprotekta sa pagkababae ng kanyang pamangkin na si Rosa Makatoll mula sa nagging kasintahan nito.

Sa maikling kuwento namang pinamagatang “Pandaraya sa Pag-ibig” makikita na ang nangingibabaw ukol sa Pagpapahalagang Pantaong Kinakatawan ng mga Tauhan ay ang pagpapahalaga sa sarili dahil sinunod ng pangunahing tauhan na si Donya Torcuata ang kanyang sariling kaligayahan kaysa sa kapakanan ng kanyang mga anak. Sa labis na pagmamahal kay Potenciano Kabug ay nabulag siya sa katotohanang pera lamang ang habol nito sa kanya.

Sa apat na maikling kuwento, makikitang ang nangingibabaw sa pagpapahalagang pantaong kinakatawan ng mga tauhan ay ang pagpapahalaga sa sarili dahil binibigyang-diin ng mga pangunahing tauhan ang pagbibigay ng pagpapahalaga sa kanilang mga sariling kaligayahan at kapakanan sa buhay.

Malinaw na naipakita na hanggang sa kasalukuyan ay nananatili pa ang mga pagpapahalagang pantaong inilahad sa mga kuwentong ito. Hanggang sa panahon ngayon ay may mga taong pang mas sinusunod nila ang kanilang kagustuhan o kaligayahan kaysa sariling kapakanan na maging maayos ang kanilang pamumuhay.

Panretorikang Pananaw na Isinabuhay ng mga Tauhan.

Sa pagsusuri ng maikling kuwentong “Ang Lihim ni Teresa” ukol sa Panretorikang Pananaw na Isinabuhay ng mga Tauhan na makikita sa Talahanayan 3, makikitang ang nagingibabaw ay ang pagpapahalaga sa pamilya dahil itinago ni Teresa ang kanyang liham sa pagkakaroon ng anak sa pagkadalaga upang hindi madungisan ang dangal ng kanilang pamilya.

Talahanayan 3. Panretorikang Pananaw na Isinabuhay ng mga Tauhan

Kritiko	Ang Lihim ni Teresa	Don Benigno	Nasaan ang Kata-rungan	Pandaraya sa Pag-ibig
A	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagkakaroon ng magandang reputasyon ng pamilya.	Pagpapahalaga sa pagkakaroon ng buong pamilya.
B	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagkakaroon ng magandang reputasyon ng pamilya.	Pagpapahalaga sa pagkakaroon ng buong pamilya.
C	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagkakaroon ng magandang reputasyon ng pamilya.	Pagpapahalaga sa pagkakaroon ng buong pamilya.
D	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagiging matapat.	Pagkakaroon ng magandang reputasyon ng pamilya.	Pagpapahalaga sa pagkakaroon ng buong pamilya.
E	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagiging matapat.	Magandang reputasyon ng pamilya.	Pagpapahalaga sa pagkakaroon ng buong pamilya.
F	Pagpapahalaga sa pamilya.	Pagpapahalaga sa kapwa.	Prinsipyong pantao ang ipinaglalaban.	Pagpapahalaga sa pagkakaroon ng buong pamilya.

Batay naman sa maikling kuwentong “Don Benigno”, makikitang ang nangingibabaw ukol sa Panretorikang Pananaw na Isinabuhay ng mga Tauhan ay ang pagpapahalaga sa pamilya dahil binigyang-diin ni Don

Benigno ang pagpapanatiling buo ng pamilya nina Margarita at Nano sa kabila ng mga pagsubok na naranasan nila bilang mag-asawa.

Sa maikling kuwentong “Nasaan ang Katarungan”, ang nangingibabaw batay sa Panretorikang Pananaw na Isinabuhay ng nga Tauhan ay ang pagkakaroon ng magandang reputasyon ng pamilya dahil binibigyang-pokus ni Perfecto Imparcial ang pagpapanatili sa magandang reputasyon ng kanyang pamangking si Rosa Makatoll bilang bahagi ng kanilang pamilya upang hindi madungisan ng mga di kanais-nais na gawain na labag sa utos ng Diyos at sa kalikasan.

Sa maikling kuwentong “Pandaraya sa Pag-ibig”, ang nangingibabaw ukol sa Panretorikang Pananaw na Isinabuhay ng mga Tauhan ay ang pagkakaroon ng buong pamilya dahil naghanap siya ng katuwang sa buhay at nagnanais na magka-anak upang magkaroon ng isang buo at masayang pamilya.

Sa apat na maikling kuwento batay sa Panretorikang Pananaw na Isinabuhay ng mga Tauhan ay magkakaugnay-ugnay lamang at hindi lumalayo ang kaisipan ng mga pagsusuri. Makikitang nakapokus ito sa pagpapahalaga sa pamilya. Malinaw na malinaw na ipinakita sa mga kuwento na ang mga pangunahing tauhan ay pare-parehong naghahangad ng buo at maginhawang pamilya.

Namamayani pa sa kasalukuyang panahon ang mga panretorikang pananaw sa mga kuwentong ito na kung saan kakikitaan pa rin ng nakaugaliang pananaw ng mga Pilipino ang paghahangad ng mga tao na magkaroon ng isang buo at maginhawang pamilya.

Pangunahing Tagpuan sa mga Piling Maikling Kuwento. Sa pagsusuri ng maikling kuwentong “Ang Lihim ni Teresa”, makikitang ang nagingibabaw sa pangunahing tagpuan sa mga piling maikling kuwento ay ang lalawigan na kung saan si Teresa ay nagtungo sa bayan ng L sa lalawigan ng Magindanaw upang doon isilang ang kanyang unang supling. Pagkatapos ng panganganak ay bumalik naman siya sa lalawigan ng Sugbo (Tingnan ang Talahanayan 4).

Talahanayan 4. Pangunahing Tagpuan sa mga Piling Maikling Kuwento

Kritiko	Ang Lihim ni Teresa	Don Benigno	Nasaan ang Katarungan	Pandaraya sa Pag-ibig
A	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan
B	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan
C	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan
D	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan
E	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan
F	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan	Lalawigan

Batay naman sa maikling kuwentong “Don Benigno”, makikitang ang nangingibabaw ukol sa pangunahing tagpuan sa mga piling maikling kuwento ay ang lalawigan ng Maynila na kung saan matatagpuan ang opisina ni Ginoong Benigno Magalingdaan at doon nabunyag ang nilalaman ng liham sa pamamagitan ni Matias.

Sa maikling kuwentong “Nasaan ang Katarungan”, makikita na ang nangingibabaw batay sa Pangunahing Tagpuan sa mga Piling Maikling Kuwento ay ang lalawigan ng X na kung saan doon nangyayari ang pakikipagtalo ni Ginoong Perfecto Imparcial at ng Piskalya ukol sa pagrereklamo niya sa ginawang pagsama ng kanyang pamangking dalagang si Rosa Makatoll sa kasintahan nito.

Samantalang sa maikling kuwentong “Pandaraya sa Pag-ibig” ukol sa Pangunahing Tagpuan, ang nangingibabaw ay ang lalawigan pa rin na kung saan doon nangyayari ang mga kaganapan sa kuwento ukol sa buhay pag-ibig ni Donya Torcuata.

Batay sa pagsusuri ukol sa Pangunahing Tagpuan sa mga Piling Maikling Kuwento, makikitang magkakaugnay-ugnay ang mga tugon na hindi malayong ang pangunahing tagpuan ng apat na maikling kuwento ay nangyayari sa lalawigan. Ito ay nagpapakita lamang na ang mga kaganapan ay nangyayari sa liblib na pook sa lalawigan na sumasalamin sa sinaunang panahon.

Hanggang ngayon ay namamayani pa rin sa kasalukuyan ang mga tagpuang tinalakay sa kuwento na sa malalayong lugal sa mga lalawigan na kung saan ay kakikitaan ng karaniwang kalagayan ng pamumuhay.

Pangunahing Paksa sa mga Maikling Kuwento. Sa apat na maikling kuwento, makikitang may kaugnayan ang pangunahing paksa sa bawat kuwento na kung saan nakapokus lamang sa buhay ng isang pamilya

kung paano nila ipinaglaban at hinarap ang mga suliraning kanilang dinanas sa buhay (Tingnan ang Talahanayan 5).

Talahanayan 5. Pangunahing Paksa sa mga Maikling Kuwento

Kritiko	Ang Lihim ni Teresa	Don Benigno	Nasaan ang Katarungan	Pandaraya sa Pag-ibig
A	Pamilya	Pamilya	Pamilya	Pamilya
B	Pamilya	Pamilya	Pamilya.	Pamilya
C	Pamilya	Pamilya	Pamilya	Pamilya
D	Pamilya	Pamilya	Pamilya	Pamilya
E	Pamilya	Buhay mag-asawa.	Pamilya	Pamilya
F	Pamilya	Pamilya	Pamilya	Pamilya

Katibayan ng Pagkakaugnay sa Pagitan ng Simbolismong Ginamit at ang Paksa ng mga Maikling Kuwento. Batay sa pagsusuri ng maikling kuwentong “Ang Lihim ni Teresa” ukol sa Katibayan ng Pagkakaugnay sa Pagitan ng Simbolismong Ginamit at ang Paksa ng mga Maikling Kuwento, makikitang ang nangingibabaw na simbolismo ay ang pangalan at ang paksa ay pamilya, nagkakaroon ng malakas na katibayan dito sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangalang may mga kahulugan tulad ng nonbirgo o hindi na birhen ni Teresa at Segundo Makisalin na kung saan pangalawang lalaki na o “Salvador del mundo”. Sa kabila ng hindi na busilak ni Teresa ay nananaig pa rin ang pagmamahal ni Segundo Makisalin. Sa maikling kuwentong “Don Benigno”, ang nangingibabaw na simbolismong ginamit ay ang pangalan at ang paksa naman ay tumutukoy sa pamilya, may malakas na katibayan dito sa pamamagitan ng pagpapalahad ng pangalang Magalingdaan na ipinapakita ang pagiging magaling na tagapayo ng tauhang si Don Benigno kay Margarita na kung saan ay napagtagumpayan niyang pigilin ang maling balak nitong pagtataksil sa kanyang banang si Nano.

Talahanayan 6. Katibayan ng Pagkakaugnay sa Pagitan ng Simbolismong Ginamit at ang Paksa ng mga Maikling Kuwento

Kritiko	Ang Lihim ni Teresa		Don Benigno		Nasaan ang Katarungan		Pandaraya sa Pag-ibig	
	Paksa	Simbolismo	Paksa	Simbolismo	Paksa	Simbolismo	Paksa	Simbolismo
A	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan
B	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan
C	Pamilya	Pangalan.	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan
D	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan
E	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan
F	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Pangalan	Pamilya	Salapi

Sa maikling kuwento namang “Nasaan ang Katarungan” ukol sa Katibayan ng Pagkakaugnay sa Pagitan ng Simbolismong Ginamit at ang Paksa ng mga Maikling Kuwentong, ang nangingibabaw na simbolismo ay ang pangalan at ang paksa ay pamilya. Nagkakaroon pa rin ng malakas ng katibayan dito sa pamamagitan ng mga kahulugan ng pangunahing tauhan na si Perfecto Imparcial na kung saan gusto niyang mabigyan ng katarungan ang kanyang pamangkin na si Rosa Makatoll at mabigyan sana ng tamang disiplina. Batay naman sa pagsusuri ng maikling kuwentong “Pandaraya sa Pag-ibig” ukol sa Katibayan ng Pagkakaugnay sa Pagitan ng Simbolismong Ginamit at ang Paksa ng mga Maikling Kuwentong ang nangingibabaw na simbolismo ay pangalan at ang paksa ay pamilya pa rin. Kakitaan pa rin ng malakas na katibayan sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga tauhan katulad ng pangalang Potenciano Kabug na naiugnay sa katangian ng isang kabug na malakas kumapit sa may perang si Donya Torcuata para sa kanyang sariling kapakanan kaya nagawa niya itong lokohin.

Ipinapakita sa apat na maikling kuwento ang malakas na katibayan sa pagkakaugnay sa mga simbolismong ginamit at ang paksa ng mga ito. Nagawa ito sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga kahulugan ng pangalang ginamit at ang mga paksa sa nasabing mga kuwento. Sa pamamagitan ng mga pangalan ng mga tauhan ay mas nailalarawan

ang mga katangian at pagkatao ng mga tauhan na may pagkakatulad din ang nasabing mga katangian sa kung ano ang mayroon sa kasalukuyang panahon.

Katotohanang Panlipunang Inilahad ng mga Piling Maikling Kuwentong Pilipino. Talagang kakikitaan pa ng mga kaugaliang Pilipino ang inilahad na katotohanang panlipunan sa mga kuwento at malinaw na nananatili pa rin sa kasalukuyang panahon ang mga ito hindi lamang dito sa ating bansa kundi sa buong daigdig. May mga taong nagtatago ng kanilang sikreto upang mapanatili lamang ang magandang dangal at kapakanan sa pamilya. May mga pagkakataon ding ang mga tao ay magiging makasarili upang makuha lamang ang hinahangad o pinapangarap sa buhay. May mga tao ring gumagawa ng paghihiganti kapag nadama nila ang pang-aapi at pangangaliwa ng kanilang kabiyak na nakapagdudulot ng hindi magandang gawain bilang pakikipaglaban para sa sarili. Ang iba naman ay naghahanap ng hustisya upang maging matuwid ang buhay ng isang tao nang mabigyan lamang ito ng aral na siyang magsisilbing tulay na magiging matino ang taong ito sa kanyang buhay rito sa mundong ibabaw. Ang mga nasabing katotohanang panlipunan ay may kaugnayan sa pagpapahalaga sa sarili at sa pamilya ng bawat nilalang na nilikha ng ating Poong Maykapal.

Talananayan 7. Katotohanang Panlipunang Inilahad ng mga Piling Maikling Kuwentong Pilipino

Kritiko	Ang Lihim ni Teresa	Don Benigno	Nasaan ang Katarungan	Pandaraya sa Pag-ibig
A	<ul style="list-style-type: none"> Pagtatago ng sikreto para maging malinis sa paningin ng tao. 	<ul style="list-style-type: none"> Paghihi – ganti 	<ul style="list-style-type: none"> Paghanap ng hustisya 	<ul style="list-style-type: none"> Pagka-makasarili
B	<ul style="list-style-type: none"> Pagtago ng sikreto. 	<ul style="list-style-type: none"> Nakiki – alam 	<ul style="list-style-type: none"> Bugso ng damdamin. 	<ul style="list-style-type: none"> Maambisyon
C	<ul style="list-style-type: none"> Pagtatago ng sikreto para maging malinis sa paningin ng tao. 	<ul style="list-style-type: none"> Pangang-aliwa 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtatanan 	<ul style="list-style-type: none"> Kapit sa matandang mayaman madaling mamatay.
D	<ul style="list-style-type: none"> Pagtatago ng sikreto para maging malinis sa paningin ng tao. 	<ul style="list-style-type: none"> Paghih-iganti 	<ul style="list-style-type: none"> Paghahanap ng Hustisya 	<ul style="list-style-type: none"> Pagka-makasarili

Kritiko	Ang Lihim ni Teresa	Don Benigno	Nasaan ang Katarungan	Pandaraya sa Pag-ibig
E	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatago ng sikreto para maging malinis sa paningin ng tao. 	<ul style="list-style-type: none"> • Paghihiganti 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatanan 	<ul style="list-style-type: none"> • Kapit patalim.
F	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtago ng sikreto 	<ul style="list-style-type: none"> • Pangan-galiwa 	<ul style="list-style-type: none"> • Paghahanap ng Hustisya 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagka-makasarili

Ito ay may pagkakaugnay sa pag-aaral ni Ian Mark Pompac Nibalvos (2018) “Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng Julian, Silangang Samar” Natuklasan niyang ang mga piling siday (tula) ay kinapalolooban ng mga pagpapahalagang Pilipino katulad ng: pagmamahal sa bayan, pagpapahalaga sa kalikasan, pagkakaisa, paglingon sa nakaraan, pagkamasunurin, kasipagan, pagpapahalaga sa pamilya, pagpapahalaga sa tiwala ng iba, pagkamaka-Diyos, pagtutulungan o pagmamalasakit sa kapwa, pagpapahalaga sa kababaihan, pagtitiis o pagtitiyaga, pagtupad sa pangako, pagtanaw ng utang na loob, pagsaalang-alang sa kaligtasan ng bawat isa, paggalang sa matatanda o sa kapwa, pagtataglay ng mabuting asal.

May pagkakaugnay rin ito sa pag-aaral ni Calibayan (2015) “Pagsusuri sa mga Balyung Nakapaloob sa mga Salawikain ng mga Tiruray Sa South Upi, Maguindanao, Philippines” Natuklasan niyang mayaman sa mga salawikain ang mga Tiruray at may iba’t ibang balyu ang napapaloob sa mga salawikaing ito na nagsisilbing gabay nila sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay batay sa kanilang kultura na naging identidad nila bilang isang tribu.

MGA KONGKLUSYON

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay ginawang batayan para sa pagbubuo ng sumusunod na kongklusyon:

1. Ang nangingibabaw sa tunggaliang ipinaglalaman ng mga tauhan ay ang tao laban sa lipunan.
2. Ang nangingibabaw sa pagpapahalagang pantaong kinakatawan ng mga tauhan ay ang pagpapahalaga sa sarili.
3. Nangingibabaw sa panretorikang pananaw na isinabuhay ng mga tauhan ay ang pagpapahalaga sa pamilya na kung saan sa bawat pangunahing tauhan ay malinaw na makikitang silang lahat

ay naghahangad ng isang masaya at buong pamilya na kanilang maipagmamalaki.

4. Ang nangingibabaw na tagpuan sa mga piling maikling kuwento ay ang lalawigan na kung saan malinaw na makikita ang mga kaganapan ng apat na maikling kuwento ay nangyayari sa tradisyunal o sinaunang panahon ngunit hindi mapagkakaila na hanggang sa kasalukuyan ay namamayani pa rin ang mga ito sa iilang mga lugal sa ating bansang Pilipinas.
5. Malinaw na makikita na ang nangingibabaw na paksa ay ang buhay ng isang pamilya na kung saan sa bawat pangunahing tauhan ay umiikot ang kanilang kuwento sa pamilya na kanilang ipinaglalaman at itinataguyod na maging buo, masaya at may magandang paninindigan.
6. Ang nangingibabaw ukol sa simbolismong ginamit ay ang mga pangalan ng mga tauhan na kung saan ang mga ito ay naglalarawan sa personalidad o sa papel na kanilang ginagampanan sa bawat kuwento.
7. Nagkakaroon ng katibayan sa pagkakaugnay sa mga simbolismong ginamit at ang mga paksa sa apat na maikling kuwento sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangalang may kaugnayan sa kanilang papel na ginagampanan sa nasabing mga kuwento at sa mga paksang iniikutan ng mga ito.
8. Ang katotohanang panlipunang inilalahad ng mga piling maikling kuwento ay ang pagtatago ng sikreto, paghihiganti, paghahanap ng hustisya at pagkamakasari. Ang mga ito ay umiikot sa katotohanang panlipunang nagbibigay-halaga sa sariling pagnanasa, karapatan, kasiyahan, at kapakanan upang mapangalagaan ang buhay na hiram lamang sa ating tagapaglikha.

IMPLIKASYON

Natuklasan sa pag-aaral na ito na lalong madali ang pag-unawa sa isang akdang pampanitikan kung maibabaha-bahagi ang nilalaman nito ayon sa mga elemento. Sa paraang ito ay malalaman ang makabuluhang itinatampok ng may-akda sa kanyang mga kuwento. Gayundin, malinaw na mailantad ng mga ito ang katauhan at paninindigan sa buhay ng may-akda. Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral ay mabibigyang-gabay na

siyang magsisilbing batayan sa kanilang pagsusuri sa maikling kuwento at iba pang akdang pampanitikan.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay mapalawak ang interaksyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, nang sa ganoon ay magkaroon din ng malawak at makabuluhang interaksyon ang kapwa mag-aaral, ang mga mag-aaral sa teksto, at maging ang mga mag-aaral sa lipunan.

MGA REKOMENDASYON

Batay sa kabuuang kinalabasan ng pag-aaral na ito itinatagubilin ng kasalukuyang mananaliksik ang sumusunod:

1. Ang mga pangyayaring naganap sa mga maikling kuwento ay maaaring maganap sa tunay na buhay kaya kailangan linangin ng mga mamamayan ang disiplina sa sarili upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga suliranin na makasisira sa buhay.
2. Sinasabing ang pamilya ang pinakamaliit na yunit at pangunahing institusyon sa lipunan kaya nararapat na dito magsisimula ang pagdidisiplina sa bawat kasapi nito.
3. Ang pamilya ang pinakamahalagang sangkap ng lipunan. Kung wala ang pamilya hindi mabubuo ang lipunan kaya dapat sisikaping maging matatag ang pundasyon nito dahil wala nang ibang masasandalan kundi ang pamilya sa oras ng kagipitan.
4. Dapat gamiting lunsaran ng pagsusuri ng maikling kuwento ang mga akda ni Vicente Sotto Sr. dahil ang mga ito ay nagtataglay ng katotohanang panlipunang mapagkukunan ng aral.
5. Dapat magkaroon ng seminar-worksypang ang mga guro tungkol sa kasanayan sa panunuring pampanitikan upang madali lamang para sa kanila ang pagpapakahulugan at pagpapahalaga ng maikling kuwento at ng iba pang anyo ng panitikan.
6. Dapat gamitin ng mga guro ang disenyo ng araling iminungkahi ng mananaliksik sa pagsusuri ng maikling kuwento upang magkaroon sila ng kongkretong gabay sa kanilang pagtuturo.
7. Dapat gawing proyekto ng mga nagpakadalubhasa sa Filipino ang pagkakaroon ng koleksyon ng mga maikling kuwento ni Vicente Sotto Sr. upang magsilbing kongkretong sanggunian sa pag-aaral at pagsusuri ng maikling kuwento.
8. Dapat magkaroon ang aklatan ng paaralan ng koleksyon ng iba't ibang uri ng maikling kuwentong sinulat ng mga mahuhusay na

manunulat sa Filipino mula sa mga rehiyon ng Visayas partikular na sa lalawigan ng Bohol upang magsilbing lunsaran sa pahambing ng pag-aaral ng maikling kuwento.

TALAAAN NG MGA SANGGUNIAN

- Aguila, C. J. (2017). Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan. *The Normal Lights*, 11(1). Retrieved from <https://bit.ly/3DCD40Z>
- Ariyanti, A. (2016). Moral Values Reflected in “The House on Mango Street” Novel Written by Sandra Cineros. *EFL JOURNAL*, 1(1), 25-48. Retrieved from: <https://bit.ly/2LSHiAK>
- Baltazar, N., Javier, C. D., & Mabanglo, R. E. S. (1979). *Makabagong Pilipino para sa kolehiyo 3: Panunuring Pampanitikan*. Alemar.
- Baoc, V. B. B. (2014). Mahahalagang Aral at Balyung Maikikintal Mula sa Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento ni Rogelio R. Sicat
- Calibayan, M. L. D. (2015). Pagsusuri sa mga Balyung Nakapaloob sa mga Salawikain ng mga Tiruray Sa South Upi, Maguindanao, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(5), 50–57. Retrieved from <https://bit.ly/3FS6lqy>
- Catapang, K. G. G., Dimayuga, C. D. B., Molina, R. A. T., & Sorbito, H. M. N. (2015). Pagsusuri sa mga Alamat at mga Kwentong-Bayan tungkolsa Lawa ng Sampalok at ang Kaugnayan nito sa Araw-arawna Pamumuhay ng mga Mangingisda ng San Pablo, Laguna. *University of the Philippines Los Baños*.
- Cuizon, R. L. (2014). Mga Pag-Aaral ng Maiikling Kwento: Isang Meta-Analysis. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2(5).
- Fauzan, U. (2016). Structural Analysis of “Peanut & Sparky”: A Short Story by Arnie Lightning as A Way in Understanding Literature. *Journal of English Language Teaching and Linguistics*, 1 (1), 39 – 50.

- Khan, A. B., Ahmad, M., Ahmad, S., & Ijaz, N. (2015). Stylistic analysis of the short story 'the last word' by Dr. AR Tabassum. *Advances in Language and Literary Studies*, 6(3), 10-14.
- Ramos, M. S., Atienza, O. L., Nazal, A. R., & Salazar, L. A. (1984). *Panitikang Pilipino: Pangalawang Edisyon*. Quezon City Katha Publ.
- Sawyer, W. (2000). *Growing up with literature*. Delmar.
- Veskari, H., Pouralkhas, S., Moharrami, R., & Ranjbar, E. (2017). Analysis of Dream in Gholamhossein Sa'edi's Short Stories: A Model for Dream Analysis in Literary Works. *Educational Research and Reviews*, 12(18), 897-905. Retrieved from <https://bit.ly/3FS1SUO>
- Vygotsky, L. S., (1896-1934). Social Development Theory. Retrieved from <https://bit.ly/3FubS6t>